Patakaran:		
Mga Hate Crime		
Policy Code: **HAT 1**	Petsa ng Pagkabisa: Enero 15, 2021	Cross-references: ALT 1 CHA 1 VIC 1 VUL 1 YOU 1.4

Ang “hate crimes” o mga “krimen ng pagkamuhi” ay mga kriminal na pagkakasala na ang motibo ay -- sa pangkalahatan -- ang pagpili ng mga biktima batay sa maling paniniwala, o pagkamuhi sa iba ng may sala. Sila ay hinihimok ng pagkapanatiko at kawalang-paraya sa iba at ito ay itinuturing na seryosong bagay.

Ang *Criminal Code* ay naglalaman ng mga partikular na pagkakasala at mga probisyon na may kaugnayan sa hate crimes. Ang mga probisyon ng pagkakasala (offence provisions) ay nagbabawal sa ilang mga uri ng hate-motivated na gawain at tinutukoy ng mga ito ang ispesipikong mga parameter ng pagsentensya para sa mga gawaing iyon. Para sa lahat ng mga pagkakasala, itinatakda ng *Criminal Code* na kapag ang isang pagkakasala ay naudyukan ng pagkamuhi, ang pagkamuhing iyon ay isang nagpapalalâ na dahilan sa paghatol o pagsentensya.

Sa pangkalahatan, ang pampublikong interes na mga dahilan na nakabalangkas sa patakaran sa *Charge Assessment Guidelines* (CHA 1) (*Mga Alituntunin sa Pag-aseso ng Hablá* (CHA 1)) ay pabor sa prosekusyon para sa hate crimes, lalo na kung saan:

- malaking pinsala ang naidulot sa isang biktima
- ang biktima ay isang taong mahina o vulnerable
- ang pagkakasala ay naudyukan ng pagkiling, maling paniniwala, o pagkamuhi batay sa lahi, pambansa o etnikong pinagmulan, wika, kulay, relihiyon, kasarian, edad, pangkaisipan o pangkatawang kapansanan, sekswal na oryentasyon, o anumang iba pang katulad na kadahilanan
- may mga batayan para maniwala na ang pagkakasala ay malamang na magpapatuloy o mauulit

Ang lahat ng mga Ulat sa Crown Counsel na may kinalaman sa hate crimes ay dapat isangguni ng Administrative Crown Counsel sa isang Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy para sa pag-aseso ng hablá.

Ang isang Regional Crown Counsel, Director, ang kani-kanilang deputy, o ang isang itinalagang Senior Crown Counsel ay dapat kumunsulta sa kanilang regional Resource Crown Counsel sa Hate Crimes bago magtapos ang pag-aseso ng hablá.

A. Mga Ispesipikong Hate Crime na Pagkakasala - Pag-aseso sa Hablá at Pahintulot ng Attorney General

Hate Propaganda – Seksyon 318 at 319 ng *Criminal Code*

Isinasaad ng seksyon 318 ng *Criminal Code* ang pagkakasala ng pagtataguyod ng genocide (maramihang pagpatay ng isang lahi) laban sa isang tinukoy na grupo. Isinasaad sa Seksyon 319 (1) ang pagkakasala ng pagsasabi ng isang pahayag sa anumang pampublikong lugar na nag-uudyok ng pagkamuhi laban sa alinmang tinukoy na grupo kung saan ang ganoong panunulsol ay malamang na hahantong sa isang paglabag sa kapayapaan. Isinasaad ng Seksyon 319 (2) ang pagkakasala ng pagpapahayag ng mga statement, maliban sa pribadong pag-uusap, na kusang-loob na nagtataguyod ng pagkamuhi laban sa alinmang tinukoy na grupo. Tinutukoy ng lahat ng mga probisyong ang “identifiable group” bilang "anumang seksyon ng publiko na nakikilala sa kulay, lahi, relihiyon, pambansa o etnikong pinagmulan, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, identidad ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian o pangkaisipan o pangkatawang kapansanan." Ang mga ito ay hindi nangangailangan ng katibayan na ang mga komunikasyon ay naging sanhi ng aktwal na pagkamuhi.

Kinakailangan ang Pahintulot ng Attorney General

Ang mga prosekusyon o pag-usig alinsunod sa seksyon 318 at 319 (2) ng *Criminal Code* ay nangangailangan ng pahintulot ng Attorney General. Ang Assistant Deputy General Attorney ay awtorisadong magbigay ng kinakailangang pagsang-ayon sa ngalan ng Attorney General.

Bago ihain ang isang hablá, dapat repasuhin ng Administrative Crown Counsel ang ulat sa Crown Counsel at dapat itong magbigay ng rekomendasyon kung hihingin ang pahintulot sa isang Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy, na siyang magrerepaso sa desisyon at rekomendasyon at, kung naaangkop, ay hihingin nito ang pahintulot ng Attorney General.

Hate-Motivated na Kasamaan - Ari-arian para sa Relihiyosong Pagsamba at ginagamit ng mga Tinukoy na Grupo

Ang seksyon 430 (4.1) ng *Criminal Code* ay lumilikha ng isang hybrid offence para sa paggawa ng kasamaan (mischief) sa ari-arian na inilarawan sa talata (4.101) (a) hanggang (d) kung ang ginawang kasamaan ay "may motibo ng bias, maling paniniwala o pagkamuhi batay sa kulay, lahi, relihiyon, pambansa o etnikong pinagmulan, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, identidad ng kasarian o pagpapahayag o pangkaisapan o pangkatawang kapansanan." Kabilang sa mga uri ng ari-arian na inilalarawan sa talata (4.101) (a) hanggang (d) ang gusali o istruktura (pati na ang isang bagay na nasa loob o sa kinatatayuan ng gusali o istruktura) na pangunahing ginagamit para sa relihiyosong pagsamba (4.101 (a)), o isang gusali o istruktura (pati na ang isang bagay na nasa loob o sa kinatatayuan ng gusali o istruktura) na pangunahing ginagamit ng isang tinukoy na grupo na tinukoy sa subseksyon 318 (4) bilang isang institusyong pang-edukasyon (4.101 (b)), para sa pangangasiwa, panlipunan, pangkultura, o mga aktibidad para sa sports at events (4.101 (c)) , o isang tirahan para sa seniors o mga matatanda (4.101 (d)).

B. Lahat ng mga Pagkakasala na may kinalaman sa Motibo ng Pagkamuhi - Nagpapalalâ ng Dahilan sa Pagsesentensya

Sa mga paglilitis ng sentensya para sa lahat ng pagkakasala, kung mapatunayan ng Crown Counsel na may posibilidad na ang korte ay gagawa ng desisyon para sa isang pagkakasala na "ang motibo ay maling paniniwala, o pagkamuhi batay sa lahi, pambansa o etnikong pinagmulan, wika, kulay, relihiyon , kasarian, edad, pangkaisipian o pangkatawang kapansanan, sekswal na oryentasyon, identidad ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian o anumang iba pang katulad na dahilan," dapat tiyakin ng Crown Counsel ang ebidensya na kinakailangan upang patunayan ang motibo nang walang pagdududa at, kung ang katibayang ito ay tinanggap, gawin bilang posisyon sa pagsentensya na ang naging motibo ay dapat ituring bilang isang statutorily imposed mandatory aggravating na dahilan sa ilalim ng seksyon 718.2 (a) (i) ng *Criminal Code*.

Sa prosekusyon ng isang partikular na pagkakasala sa ilalim ng seksyon 318, 319 (1), 319 (2) o 430 (4.1), kung saan may ebidensya na ang motibo ay maling paniniwala, o pagkamuhi na siyang kinakailangan upang patunayan ang mga elemento ng pagkakasala, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel na sabihin sa korte na ang karagdagang motibo ay isang nagpapalalâng dahilan sa ilalim ng seksyon 718.2 (a) (i) ng *Criminal Code*. Ang mga ito ay maaaring maging hiwalay na mga sirkumstansya na nagpapalalâ kahit na ang pagkakasala ay natukoy na bilang pagkakasala ng pagkamuhi.

C. Mga Pahayag ng Epekto sa Biktima at Mga Pahayag ng Epekto sa Komunidad

Ang Crown Counsel ay dapat magtangkang kumuha ng Pahayag ng Biktima (Victim Impact Statement) alinsunod sa seksyon 722 ng *Criminal Code* bago ng pagsentensya ayon sa mga patakaran ng *Victims of Crime – Providing Assistance and Information to* (VIC 1) at *Vulnerable Victims and Witnesses – Adults* (VUL 1) *(Mga Biktima ng Krimen - Pagbibigay ng Tulong* at *Impormasyon sa (VIC 1) at MgaVulnerable na Biktima at Witness - Mga Matatanda* (VUL 1).

Bukod pa rito, ayon sa seksyon 722.2 ng *Criminal Code*, "ang isang indibidwal, sa ngalan ng isang komunidad" ay maaaring maghain sa court registry ng isang Pahayag ng Epekto sa Komunidad. Ang mga pahayag ng epekto na ito ay maaaring maging lalong kapaki-pakinabang upang matiyak na lubos na nalalaman ng mga korteng magsesentensya ang mga panlipunang epekto ng hate crimes.

D. Pagtanggal ng Hate Propaganda – *In Rem* Provisions

Ang seksyon 320 at 320.1 ng *Criminal Code* ay lumilikha ng *in rem* provisions na nagpapahintulot sa hukuman na mag-utos na tanggalin at sirain ang hate propaganda kapag ang nasabing materyal ay nasa isang nakasulat na publikasyon na ibinebenta o ipinamamahagi o naka-store sa isang computer system kung saan nagagawang available sa publiko ang nasabing materyal. Dahil ang mga seksyong ito ay nangangailangan ng pagsang-ayon ng Attorney General, dapat repasuhin ng Administrative Crown Counsel ang bagay na ito, at dapat magbigay ito ng rekomendasyon kung hihingi ng pahintulot sa isang Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy. Pagkatapos ay rerepasuhin nila ang rekomendasyon at, kung naaangkop, hihilingin nila ang pahintulot ng Assistant Deputy Attorney General.

E. Mga Alternatibong Hakbang

Para sa adults at mga kabataan, ang mga patakaran ng *Alternatives to Prosecutions – Adults* (ALT 1) *(Mga Alternatibo sa Proseksyon para sa Adults)* at *Youth Criminal Justice Act – Extrajudicial Measures* (YOU 1.4) (*Batas sa Kriminal na Hustisya sa Kabataan - Ang mga Extrajudicial na Hakbang)* ay umaaplay sa lahat ng hate crimes. Ang mga pagkakasala ng hate crime ay maaaring gawan ng mga alternatibong hakbang at maaaring gumamit ng mga takdang ispesipikong alternatibong hakbang sa isang report tungkol sa mga alternatibong hakbang, para lamang sa mga eksepsyonal na kalagayan at nang may pahintulot ng isang Regional Crown Counsel, Director, o ng kani-kanilang deputy.

Bukod pa rito, para sa hate crimes, ang mga pag-aprubang ito ay dapat ibigay lamang

kung ang mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan:

- dapat konsultahin ang mga nakikilalang indibidwal na biktima at isasaalang-alang ang kanilang mga kahilingan
- ang akusado ay dapat walang kasaysayan ng mga kaugnay na pagkakasala o karahasan
- dapat tanggapin ng akusado ang responsibilidad para sa kilos o pagkukulang na naging batayan ng pinaghihinalaang pagkakasala
- ang antas ng kalubhaan ng pagkakasala ay dapat walang pagbabanta sa kaligtasan ng komunidad